



# MGA KATANUNGAN PAGKATAPOS NG KAMATAYAN



# ANG MGA KATANUNGAN SA TAO SA KANYANG LIBINGAN AT SA ARAW NG PAGHUHUKOM

Isinulat ni: Shk. Humoud M. Al-Lahim

Isinalin sa Wikang Pilipino ni: Khalid Evaristo

ISLAMIC STUDIES, CALL AND GUIDANCE OF THE PHILIPPINES



# ISCAG - PHILIPPINES ISLAMIC STUDIES, CALL AND GUIDANCE OF THE PHILIPPINES

Congressional Road, Salitran 1 Dasmariñas, Cavite Philippines

Tel No.: (0063) (46) 4163371 Fax No.: (0063) (46) 5061451

Para sa karagdagang imporsmasyon tungkol sa *Islam*, mangyaring makipagugnayan sa aming tanggapan. Mga Nilalaman

<u>Paksa</u>	<b>Pahina</b>
Pambungad	i
Mga Bagay na Dapat Malaman	1
Kaalaman	1
Kilos at Gawa	5
Pagpapalaganap	7
Pagtitiis at Pagtitimpi	8
Katanungan sa Tao sa Kanyang Libinga	n 10
Kalagayan ng Mu'min at Kafir	
Sa Oras ng Kamatayan	11
Mga Pundasyon ng Dapat Malaman	
Unang Pundasyon	
Allah-ang Rabb ng Lahat	21
Uri ng Taghout	23
Ano ang Ibadah	27
Uri ng Pagsamba	28
Pangalawang Pundasyon	31
Antas ng Deen	33
Islam	33
Eeman	36
Ihsan	40
Pangatlong Pundasyon	
Si Propeta Muhammad	42
Mga Katanungan- Sa Araw ng Paghuhuk	iom
Tungkol sa Sinamba	46
Tungkol sa Gawa	48
Tungkol sa Pagtugon at Panawagan	49
Mga Dapat Malaman at Paniwalaan	50

### Pambungad

Buong pusong tinatanggap ng mga Muslim ang tiyak na pagdating ng kamatayan, lumaki man siya sa pananampalatayang Islam o kaya'y yumakap ng Islam sa huling yugto ng kanyang buhay. Gayon pa man, hindi gaanong nabibigyang pansin ito sa araw-araw na pamumuhay. Kadalasan, naaalaala lamang ang kamatayan kapag may namatay sa miyembro ng kanyang pamilya o may kakilalang namatay. Likas lamang ang pag-aalaala sa kamatayan kapag may taong pumanaw. Si Propeta Muhammad ay nagsabi: Sapat na bilang paalaala ang kamatayan.

Ang katanungan: Batid ba natin kung ano ang nangyayari habang binabawian ng buhay ang tao? Alam ba natin kung ano ang nangyayari sa kanyang libingan? Ano ang maaari nating gawing paghahanda sa ating sarili upang harapin ang hindi maiiwasang paglisan nitong buhay?

Isinulat ang aklat na ito bilang pagbibigay paalaala sa mga Muslim kung papaano ihahanda ang sarili upang maiwasan ang parusa at hirap sa panahong binabawian ng buhay at sa panandaliang panahon ng pananatili sa

Sallallahu Alaihi Wassallam. Isang pangungusap na binabanggit sa tuwinang sasabihin o maririnig ang pangalan ni Propeta Muhammad, na nangangahulugan ng "Nawa'y itampok ng Allah ang pagbanggit sa kanya at ilayo siya sa anumang paninira (derogatory things) at iligtas siya sa anumang masama (evil)."

libingan. Higit sa lahat ay upang mailigtas ang sarili sa Poot at Parusa ng Allah — ang Kataas-taasan. Ipinaliliwanag ng aklat na ito ang mga pangunahin at mahahalagang bagay na itatanong sa tao.

Matapos basahin ang kabuuan ng aklat na ito, inaasahang mababatid ng mambabasa na hindi sapat ang pagpapahayag ng Shahadah<sup>2</sup>, ang pundasyon ng pagiging isang Muslim, upang iligtas siya sa hirap at sakit sa sandaling binabawian ng buhay, ni hindi ito magsisilbing kanyang proteksiyon sa parusa sa libingan at kabilang buhay. Inaasahan din sa Muslim ang pagkakaroon ng maliwanag na pagkaunawa na dapat siyang magsikap upang isagawa ang kanyang tungkulin bilang isang Muslim sa abot ng kanyang makakaya, upang matamo ang Kasiyahan ng Allah, magkaroon ng mapayapang paglikas tungo sa Kabilang Buhay, at makamit ang walang hanggang kaligayahan sa Jannah (Paraiso). Gayon pa man, kinakailangang naaayon sa mga ipinag-utos ng Allah sa Banal na Qur'an at sa Sunnah<sup>3</sup> ni Propeta Muhammad ang kanyang mga gawa. Upang maisakatuparan ito, kinakailangang pag-

<sup>&</sup>lt;sup>2</sup> Shahadah- Ang pangungusap sa wikang Arabik na binabanggit ng sinumang nagnanais yumakap sa pananampalatayang Islam: "Ashhado anla Illaha Illallaah, wa ashhado anna Muhammadar-rasullullaah" na nangangahulugan ng: "Ako ay sumasaksi na walang tunay na diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay (ang huling) Sugo ng Allah.

<sup>&</sup>lt;sup>3</sup> Sunnah: Mga pamamaraan, pag-uutos, gawaing pagsamba, at mga winika ng Propeta na naging mga huwaran na dapat sundin ng mga Muslim.

aralan ang tamang pagsasagawa ng *Deen* (pananampalataya o panuntunan ng buhay). Sadyang mahalaga ang kaalaman tungkol dito upang tanggapin ng Allah ang ating mga gawa.

Magkaminsan, mahirap isagawa ang pagpapasiya sa sarili na sumamba sa Allah ayon sa mga paraang Kanyang nais. Subali't may magandang balita, hindi lamang maaaring napakadaling gawin ang pagsamba sa Allah bagkus kasiya-siya pa ito, isang bagay na inaasam-asam gawin ng isang Muslim. Maaari rin itong magbigay ng katiwasayan at inspirasyon. Nakasalalay ang lihim ng ganitong katayuan sa magkaakibat na ugnayan ng *Eeman* (pananalig) at pagtalima sa Allah. Kaya naman, kapag tumataas ang ating *Eeman*, magiging magaan ang ating pagtalima o pagsunod. Sa ganitong kalagayan, halos mahihinuha na ang mga balakid na maaaring kaharapin.

Papaano nga ba magsimula? Ang pagkakaroon ng isang matapat na hangaring maisakatuparan ang pagtahak sa landas ng Allah at ang paghingi ng Kanyang tulong ang una at ang pinakamahalaga. Hindi maipagkakaila na mahirap ang unang bahaging ito dahil sa mga tuksong nakapaligid na lagi nang humahatak sa atin. Subali't patungo tayo sa Jannah (Paraiso) at nagsabi si Propeta Muhammad na napaliligiran ang Jannah ng hirap at dusa na siyang kabaligtaran ng pagtungo sa Jahannam

(Impiyerno) na napaliligiran naman ng mga kaakit-akit na makamundong bagay.

Kapag umiral sa sinuman na ang pagbibigay kasiyahan sa Allah ang siyang pinakamahalaga, babaguhin niya ang kanyang mithiin. Gagawin niya ang mga bagay na dapat unahin tungo sa pagbibigay kasiyahan sa Kanya. Kaya naman, magiging mahalaga sa kanya ang bawa't kilos at gawa dahil sa hangaring makamit ang gantimpala mula sa Kanya. Marubdob niyang pinili ang kanyang layunin kaya't nakatuon ang sarili sa pagsagawa ng mga bagay na kasiya-siya sa Allah.

Kapag malinaw ang layunin (ang pagbibigay kasiyahan sa Allah), simulan ang pagsagawa at ibigay ang tiwala sa Allah. Kanya tayong tatanggapin nang malugod, tutulungan at sa dakong huli'y ipagkakaloob ang Kanyang patnubay. Kapag ibinigay ng Allah ang Kanyang patnubay, tiyak na kasiya-siya ang paglalakbay. Bagama't katakataka, matatagpuan din ang sariling nasisiyahan sa mga hirap at pagsubok na maaaring danasin sa pagtahak sa landas ng Allah.

Dalangin ko sa Allah na patnubayan nawa tayong lahat sa tamang landas, gawing dalisay ang ating tanging layuning magbigay kasiyahan sa Kanya. Tulungan nawa Niya tayong maging matuwid hanggang sa araw na haharap tayo sa Kanya. Siya lamang ang Bukod-Tanging Nag-iisa na makapangyayari nito sa atin.

# ANG MGA KATANUNGAN SA TAO Sa Kanyang Libingan at Sa Araw ng Paghuhukom

Sa Allah ang papuri at pasasalamat. Pinasasalamatan natin Siya, inaasam ang Kanyang tulong at hinihingi natin ang Kanyang kapatawaran. Nagpapakupkop tayo sa Kanya laban sa kasamaan ng ating sarili, at laban sa ating masasamang gawa. Walang sinumang makapagliligaw sa sinumang nasa patnubay ng Allah; walang sinumang makapagbibigay patnubay (sa tamang landas) sa sinumang hinayaang maligaw ng Allah. Sumasaksi ako na walang tunay na diyos na dapat sambahin maliban sa Allah – ang Nag-iisa, ang walang katambal o kasama. At sumasaksi ako na si Muhammad ay Propeta at Sugo ng Allah.

# Mga Bagay na Dapat Malaman ng Muslim

Bago natin tuluyang talakayin ang mga katanungan sa tao sa kanyang libingan at sa Araw ng Paghuhukom, may mga bagay na dapat malaman at panindigan ng bawa't Muslim. Ito ang sumusunod:

#### 1. Kaalaman

Nauukol ito sa kaalaman sa Islam na siyang mag-aakay sa tao upang maisakatuparan ang kanyang minimithi.

Ito ang mga bagay na nanggaling sa Allah sa pamamagitan ng mga salita ng Kanyang Sugo. Ang Allah ay nagsabi:

Kaya't dapat malaman na walang tunay na diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, at humingi ng kapatawaran sa inyong mga kasalanan. [Qur'an, Kabanata Muhammad – 47:19]

Makakamtan ang kaalaman sa masusing pag-aaral. Silang nagsipag-aral ng Islam ay naging maalam. At sa pamamagitan ng pag-aaral, naging mga tagapagmana sila ng mga Propeta. Hindi nagpamana ang mga Propeta ng kayamanan o ari-arian, bagkus ng kaalaman. Magkakaroon ng ibayong yaman ang sinumang magkakamit nito

Si Propeta Muhammad 3 ay nagsabi:

Gagawing magaan ng Allah ang landas patungo sa Paraiso sa sinumang tumahak sa landas ng kaalaman . [Sahih Al-Bukhari #243]

Ang Allah, ang Kataas-taasan ay nagsabi:

Yaon lamang may kaalaman mula sa Kanyang mga alipin ang may takot sa Allah. [Qur'an, Kabanata Fatir-35:28]

Subali't walang makauunawa ng kanilang kahulugan maliban sa yaong may kaalaman. [Qur'an, Kabanata Al-Ankabut-29:43]

At sila (mga di-nananampalataya) ay magsasabi: Kung nakinig lamang kami at ginamit ang aming katalinuhan, hindi sana kami napabilang sa mga nananahanan sa Naglalagablab na Apoy. [Qur'an, Kabanata Al-Mulk-67:10]

Sabihin: Magkatulad ba ang mga maalam sa mga mangmang? [Qur'an, Kabanata Az-Zumar-39:9]

Si Propeta Muhammad ay nagsabi:

Kapag ninais ng Allah ang mabuti sa isang tao, bibigyan Niya ito ng pang-unawa (kaalaman) sa pananampalataya(Islam). [SahihAl-Bukhari #1/25]

Si Abu Thar (kalugdan nawa siya ng Allah) ay nagsabi:

Kung itatarak mo ang espada dito (itinuro ang kanyang likod) at naisip kong isagawa ang isang salitang aking natutunan mula sa Propeta bago mo ako patayin, gagawin ko ito. [Sahih Al-Bukhari #1/25]

Isang gawaing pagsamba sa Allah - ang Makapangyarihan ang paghahanap ng kaalaman sa dahilang ang kaalaman ang siyang pundasyon upang makilala ang Allah, ang Kanyang *Deen* (pananampalataya o panuntunan ng buhay), at ang Kanyang Sugo.

Ipinakita ni Propeta Muhammad ang kahalagahan ng kaalaman nang nagsabi siya mula sa isang *Hadith* na isinalaysay ni Abu Addarda (kalugdan nawa siya ng Allah):

Sinumang maglakbay tungo sa paghahanap ng kaalaman, gagawin ng Allah na siya'y maglalakbay sa isa sa mga landas patungo sa Jannah (Paraiso). Ibababa ng mga Anghel ang kanilang mga pakpak dahil sa kasiyahan sa sinumang naghahanap ng kaalaman. Ang mga nananahanan sa kalangitan at sa mundo at sa dagat ay hihingi sa Allah ng kapatawaran para sa kanya. Ang kahigtan ng isang maalam na nananampalataya sa isang (mangmang na) nananampalataya ay katulad ng buwan sa gabi na nasa kabilugan at (ihahambing ito) sa ibang mga bituin. [Addarami 1/43]

Si Abu Hurairah (kalugdan nawa siya ng Allah) ay nagsalaysay na ang Propeta ay nagsabi:

<sup>&</sup>lt;sup>4</sup> Hadith: Mga winika, gawa, pinahintulutan at ipinagbawal ni Propeta Muhammad

Walang sinumang maglalakbay tungo sa landas ng kaalaman na hindi pagagaanin ng Allah para sa kanya ang landas patungo sa Jannah (Paraiso). [Addarami 1/83]

Sa isa pang *Hadith* na isinalaysay ni Abu Hurairah (kalugdan nawa siya ng Allah):

Narinig ko ang Propeta na nagsabi: Isinumpa ang buhay na ito, at ang lahat ng nasa loob nito maliban sa (mga sumusunod): paggunita sa Allah, ang anumang malapit sa Allah, ang maalam, at ang mga naghahanap ng kaalaman. [Ibn Majah 2/1377 H4112]

#### Mga Kilos at Gawa

Pagkaraang malaman ang kahalagahan ng kaalaman at ang tungkulin upang makamit ito, nararapat ding malaman na ang tanging layunin ng kaalaman ay upang tupdin ito sa kilos at gawa. Anumang kaalaman na walang kaakibat na pagsagawa ay magkakaroon ng dimagandang bunga sa mga nagtataglay nito. Ang Allah, ang Makapangyarihan ay nagsabi:

O kayong nananampalataya! Bakit ninyo sinasabi ang hindi naman ninyo ginagawa? Ang pagsasabi ng mga bagay na hindi naman isinasagawa ang kasuklamsuklam sa paningin ng Allah. [Qur'an, Kabanata As-Saff-61:2-3]

Karagdagan nito, binigyang-diin ang kahalagahan ng pagsagawa ng kaalaman nang nagsabi si Propeta Muhammad ayon sa salaysay ni Abu Hurairah (kalugdan nawa siya ng Allah):

Isa sa mga panalangin ni Propeta Muhammad ay: O Allah, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa kaalaman na walang kabuluhan, laban sa panawagan na hindi dinidinig, laban sa pusong walang pagpapakumbaba, at laban sa kaluluwang hindi kailanman nagkaroon ng kasiyahan. [Ibn Majah 1/92 H250]

Gayundin, si Abu Hurairah (kalugdan nawa siya ng Allah) ay nagsabi:

Ang Propeta ay lagi nang nagsasabi: O Allah, bigyang-saysay ang anumang itinuro sa akin, at ituro sa akin kung anuman ang makapagbibigay kabuluhan sa akin, at dagdagan ang aking kaalaman. [Ibn Majah 1/92 H251]

Sa isa pang *Hadith* na isinalaysay ni Abu Hurairah (kalugdan nawa siya ng Allah), ang Propeta ay nagsabi:

Ang kaalamang hindi nagbibigay bunga kaninuman ay kahalintulad ng isang kayamanan na hindi ginugugol sa landas ng Allah. [Al-Imam Ahmad 2/499]

Isinalaysay ni Suffyan Ibn Oyainah (kalugdan nawa siya ng Allah) ang isang *Hadith* ni Propeta Muhammad kung saan siya ay nagsabi:

Ang pinakamangmang sa tao ay yaong iniiwan ang kanyang nalalaman, at ang pinakamaalam sa tao ay yaong isinasagawa ang nalalaman, at ang pinakamahusay sa tao ay yaong pinakamapagpakumbaba sa Allah [Addarami 1/82 H337]

# 3. Pagpapalaganap o Da'wah

Bahagi ng pagsagawa ang pagtawag at pag-anyaya sa tao tungo sa Allah, sapagka't nararapat mag-anyaya sa tao tungo sa Islam ang sinumang may kaalaman sa pamamagitan ng pagpapaliwanag nito sa kanila.

Tungkulin ng sambayanang Muslim ang Da'wah (pagaanyaya sa tao tungo sa Islam) sapagka't may nakalaan itong napakalaking gantimpala. Ang Allah, ang Kataas-taasan ay nagsabi:

O Sugo! Ipahayag kung ano ang ipinadala sa iyo mula sa iyong Rabb $^{5}$  (Panginoon). Kung hindi mo ito

<sup>&</sup>lt;sup>5</sup> Tinatawag natin ang Allah bilang Rabb, na ang kahulugan ay Tagapaglikha, Tagapanustos at Panginoon. Siya ang tanging Diyos ng lahat ng nilikha. Ang lahat ay umaasa sa Kanya. Siya ay may kasapatan at Siya ay walang kailangan sa Kanyang mga nilikha. Siya ang nagbibigay buhay at bumabawi nito. Siya ang nagpadala ng mga Sugo at Propeta sa daigdig upang ituro sa tao kung sino Siya at kung papaano Siya sambahin

naisagawa, magkagayo'y hindi mo naiparating ang Kanyang Mensahe (Kapahayagan). [Qur'an, Kabanata Al-Ma'idah-5:67]

At sino pa ba ang higit na mahusay sa pananalita kaysa sa isang nag-aanyaya tungo sa Allah, gumagawa ng mabuti at nagsasabing isa ako sa mga Muslim (sumusunod sa kalooban ng Allah). [Qur'an, Kabanata Fussilat-41:33]

### 4. Pagtitiis at Pagtitimpi

Pagkaraang maunawaan ang mga naturang paksa, dapat isaisip na ang paghahanap ng kaalaman, pagsagawa ayon dito, at ang pag-anyaya sa tao tungo sa Allah ay nangangailangan lahat ng pagtitiis. Maraming mga katibayan ang nagpapatunay sa kahalagahan ng pagtitiis at ang pagsagawa nito. Ang Allah, ang Kataastaasan ay nagsabi:

O kayong nananampalataya! Maging matatag at magkaroon ng higit na pagtitiis. [Qur'an, Kabanata Al-'Imran-3:200]

O kayong nananampalataya! Hanapin ang tulong nang may pagtitiis at pagdarasal. Katotohanan, kasama ng Allah ang mga matiisin. [Qur'an, Kabanata Al-Baqarah-2:153]

Ang mga matiisin lamang ang makatatanggap ng kanilang biyayang ganap nang walang pagtutuos. [Qur'an, Kabanata Az-Zumar-39:10]

Ang Propeta ay nagsabi na pagbibigay tanglaw ang pagtitiis. [Sahih Muslim 1/203 H223]

Ang lahat ng naunang nabanggit ay pinag-isa sa Surah (kabanata) Al Asr. Ang Allah ay nagsabi:

(Pinatutunayan Ko) Sa (pamamagitan ng) panahon, katotohanan ang tao ay nasa kawalan (at pagkapahamak) maliban sa mga nananampalataya at gumagawa ng matuwid at nagpapayuhan ng katotohanan at nagpapayuhan ng pagtitiis. [Qur'an, Kabanata Al-'Asr-103:1-3]

Sa naturang kabanata, binigyang linaw sa atin ng ating Kataas-taasang Lumikha na ang sangkatauhan ay tiyak na mapapaligaw ng landas at magiging talunan maliban sa apat na katangian:

- 1. Ang paniniwala na ang Allah ang tanging *Rabb* (Panginoon) ng sangkatauhan, at tanging Siya ang dapat sambahin.
- 2. Ang paniniwala na dapat itong nakasalalay sa kaalaman kaakibat ng pagsasagawa ng mabuti ayon sa mga katibayan mula sa *Shari'ah* (mga batas ng Islam),

- 3. Ang mag-anyaya sa tao tungo sa paniniwalang ito at ipag-utos ang paggawa ng mabuti nang may tamang kaalaman, pang-unawa at karunungan (wisdom), paggabay sa kanila sa Islam, at ang pagpasiya sa sarili na maging matuwid.
- 4. Ang pagtitiis sa pakikipag-ugnayan sa kanila sa lahat ng mga naturang bagay.

# Ang mga Katanungan sa Tao sa Kanyang Libingan

Upang maiwasan ang napakalaking kawalan at matamo ang walang hanggang kaligayahan, nararapat na malaman kung ano ang mga bagay na itatanong sa pagyao natin sa mundong ito tungo sa ating huling hantungan. Tatanungin tayo tungkol sa sumusunod:

- 1. Sino ang iyong Rabb? Ang katanungan tungkol sa Rabb (Panginoon) na Siyang tunay na Diyos na dapat pag-ukulan ng pagsamba.
- 2. Ano ang iyong Deen? Ang katanungan tungkol sa Deen (Pananampalataya o panuntunan ng buhay) na siyang paniniwalang ipinag-uutos na dapat gampanan sa buhay na ito.

3. Sino ang iyong Propeta? Ang katanungan tungkol sa Propeta na isinugo at kung tumugon ba tayo o hindi sa kanyang panawagan tungo sa Islam.

Ang Kalagayan ng isang Mu'mim (Nananampalataya) at ang *Kafir* (Di-nananampalataya) sa Oras ng Kamatayan at sa Libingan.

Isinalaysay sa isang Hadith na ang Propeta 3 ay nagsabi na isang tao na nasa kanyang libingan ang inutusang magpatunay. Ang tao ay tinanong: Sino ang iyong Rabb (Panginoon)? Ano ang iyong Deen (Pananampalataya)? At sino ang iyong Propeta? Ang isang batayan tungkol dito ay ang sinabi ng Propeta 38 na isinalaysay ni Al Barra' Ibnu Azib (kalugdan nawa siya ng Allah). Siya ay nagsabi: Pumunta kami sa labasan kasama ang Propeta 3 upang makipaglibing sa isang yumaong Ansar (tagasunod ng Propeta na taga-Medina) hanggang sa nakarating kami sa libingan na hindi pa nagagawa ang hukay. Umupong nakaharap ang Propeta sa Qiblah (direksiyon ng Ka'bah sa Makkah) kaya't umupo rin kami sa kanyang tabi at sa ganito'y waring may mga ibon sa itaas ng aming mga ulo. May hawak na patpat ang Propeta 3 na kanyang itinatapik sa lupa. Tumitingin siya sa langit at kapagdaka'y sa lupa nang tatlong ulit. Pagkaraa'y nagsabi nang dalawa o tatlong ulit, "Nagpapakupkop

ako sa Allah laban sa parusa sa libingan." Nagpatuloy siyang nagsabi nang tatlong ulit: "O nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa parusa libingan." At pagkatapos ay kanyang sinabi: "Kapag ang Mu'mim (mabuting Muslim) ay nasa kalagayan ng pagpanaw sa buhay na ito at kanyang hinaharap ang kabilang buhay, may bababang mga Anghel mula sa langit na may mapuputing mukha, at parang sinag ng araw ang kanilang mukha. Nakabihis sila ng mga damit mula sa langit at may pabangong mula sa langit. Uupo sila na may layong abot-tanaw. Darating ang Anghel ng Kamatayan at uupo sa ulunan ng namamatay at magsasabi; 'O mabuting kaluluwa, halina't lumabas tungo sa pagpapatawad mula sa Allah"." Nagpatuloy ang Propeta: "Lalabas ang kaluluwa nang mahinahon katulad ng isang patak na malumanay na lumalabas mula sa balat na sisidlang tubig, kukunin ito ng Anghel."

Sa ibang salaysay: "At kapag lumabas ang kanyang kaluluwa, magdarasal para sa kanya ang bawa't Anghel sa pagitan ng lupa at langit kasama ang bawa't Anghel sa langit at bubuksan para sa kanya ang mga pintuan ng langit. Walang mga Anghel sa alinmang pintuan ang hindi magsusumamo sa Allah upang Kanyang dalhin ang kaluluwa sa kanilang pintuan. Kapag kinuha ng Anghel ng Kamatayan ang kaluluwa, hindi ito iiwanan ng mga Anghel sa kanyang kamay bagkus kukunin nila ito upang ibalot at lagyan ng pabango.

Ito ang siyang binabanggit ng Allah sa isang talata sa Banal na Qur'an:

Kukunin ng Aming mga Sugo (Anghel ng Kamatayan at ang kanyang mga katulong) ang kanyang kaluluwa, at hindi sila nagpapabaya sa kanilang tungkulin."[Qur'an, Kabanata Al-An'am-6:61]

Lalabas mula sa kaluluwa ang isang amoy na kasingbango ng pinakamahusay na pabangong musko (musk) na matatagpuan sa balat ng lupa. Papailanlang ang mga Anghel kasama ang kaluluwa at ang bawa't maraanan nilang mga pangkat na Anghel ay magsasabi: 'Sino ang mabuting kaluluwang ito?' Ang mga Anghel ay magsasabi: 'Siya ay si..., ang anak ni...' tinatawag siya sa pinakamagandang pangalan na dating tawag sa kanya ng tao nang nabubuhay pa siya.

Kapag narating ng mga Anghel ang unang antas (level) ng langit, hihingi sila ng pahintulot na ipasok ang kaluluwa at sila'y pagbubuksan. Sasamahan ng mga Anghel mula sa bawa't antas ng langit ang kaluluwa tungo sa ibang antas hanggang sa marating niya ang ikapitong langit. At pagkatapos, ang Allah - ang Kataas-taasan ay magsasabi: 'Itala ang aklat ng Aking sumasampalataya (worshipper) sa *Illiyun* (ang Talaan na kung saan isusulat ang mga Mabubuting Gawa)'."

At ano ang makapagpapaliwanag sa iyo kung ano ang Illiyyun. Isang Talaan na siyang sasaksi sa mga malalapit (sa Allah [hal. Mga Anghel]). [Qur'an, Kabanata Al-Mutaffifin-83:19-22]

Pagkaraan, itatala ang isang aklat para sa kanya sa Illiyyun. Iuutos ng Allah sa mga Anghel na ibalik siya (ang kaluluwa) sa daigdig na nagsasabi: 'Ibalik siya sa daigdig. Naipangako Ko sa kanila (tao) na nilikha sila mula sa lupa, at sa lupa sila ibabalik, at mula roon ibabangong silang muli.' Kaya't ibababa siya sa lupa at ibabalik ang kanyang kaluluwa sa kanyang katawan. Maririnig niya ang mga yapak ng tao sa kanilang pagalis mula sa kanyang libingan. Dalawang Anghel ang darating sa kanya, iuupo siya at tatanungin: 'Sino ang iyong Rabb (Panginoon)? Siya ay sasagot, 'Ang aking Rabb ay ang Allah'. Ano ang iyong Deen (Pananampalataya)?' Siya ay sasagot: 'Ang aking Deen ay Islam.' Pagkaraan siya ay tatanungin: 'Sino yaong taong ipinadala para sa iyo?' Siya ay sasagot: 'Siya ang Sugo ng Allah.' At siya'y muling tatanungin: 'Ano ang iyong mga gawa?' Siya ay magsasabi: 'Nabasa ko ang Aklat ng Allah, pinaniwalaan ito, at batid kong ito ang katotohanan.'

Kanilang itatanong sa kanya: Sino ang iyong *Rabb*? Ano ang iyong *Deen*? at Sino ang iyong Propeta? Ito ang huling pagsubok na ihaharap sa isang nananam-

palataya. Ang Allah, ang Makapangyarihan, ay nagsabi:

Pananatilihing matatag ng Allah ang mga nananampalataya, ng isang salita na mananatiling matatag dito sa mundo at sa Kabilang Buhay. [Qur'an, Kabanata Ibrahim-14:27]

At pagkatapos, siya ay sasagot, 'Ang aking Rabb ay ang Allah, ang aking Deen ay Islam, at si Muhammad ay ang aking Propeta.' Sa puntong ito, isang tinig mula sa langit ang magsasabi: 'Nagsasabi ng totoo ang Aking alipin, magkagayo'y bigyan siya ng higaan mula sa Jannah (Paraiso), bihisan siya ng mga damit mula sa Jannah, at buksan sa kanya ang isang pintuan sa Jannah (Paraiso). Pagkaraan nito'y isang mabangong amoy mula sa Jannah ang darating sa kanya at bibigyan siya ng isang libingang malawak na kasingsukat ng abot-tanaw. Isang taong makisig at mabango na may magandang pananamit ang darating sa kanya at magsasabi: 'Mayroon akong isang magandang balita na makapagpapaligaya sa iyo. Matuwa dahil sa kasiyahan ng Allah at ang walang hanggang kaligayahan sa Jannah. Ito ang araw na ipinangako sa iyo.' Kaya't siya ay magsasabi: 'At ikaw naman, sino ka? Nagdadala ng mabuti (balita) ang iyong mukha.' Ang tao ay magsasabi: 'Ako ang iyong magagandang gawa. Isinusumpa ko sa Allah, wala akong nalalaman sa iyo maliban sa mabilis na pagtalima sa Allah at sadyang

napakabagal sa pagsuway sa Allah, kaya't gantimpalaan ka nawa ng Allah nang masagana.'

Pagkatapos nito, isang pinto ng Jannah (Paraiso) at isang pinto ng Jahannam (Impiyerno) ang bubuksan para sa kanya. At siya'y sasabihan: 'Ito sana ang iyong lugar sa Impiyerno kung naging suwail ka sa Allah. Pinalitan ito ng Allah para sa iyo ng isang lugar sa Paraiso. Kaya't nang makita niya ang Jannah (Paraiso), siya'y magsasabi: 'O aking Rabb (Panginoon), nawa'y gawing madali ang pagdating ng Araw ng Paghuhukom, upang makabalik na ako sa aking mga pamilya at yaman.' Kaya't sasabihin sa kanya: 'Magpahinga ka nang may kapayapaan.'

At tungkol naman sa isang Kafir (di-nananam-palataya), kapag nasa kalagayan siya ng paglisan nitong buhay at tumatawid sa Kabilang Buhay, bababa sa kanya mula sa langit ang mga matatapang at mababagsik na Anghel na may maiitim na mukha at may dalang Masuh (damit) mula sa Jahannam (Impiyerno). Uupo sila nang napakalayo sa kanya na kasing-layo ng abot-tanaw. Pagkatapos, darating ang Anghel ng Kamatayan at uupo sa kanyang ulunan at magsasabi: 'O ikaw na masamang kaluluwa, lumabas ka (tungo) sa Galit at Poot ng Allah. Mangangagkalat ang kanyang kaluluwa sa kanyang katawan at kukunin ito ng Anghel katulad ng pagbunot ng isang matinik na sanga mula sa basang balahibo ng tupa. Kaya't

mapupunit ang kanyang kaluluwa pati na ang kanyang mga ugat at mga litid.

Isusumpa siya ng bawa't Anghel na nasa pagitan ng langit at lupa, gayundin ang bawa't Anghel na nasa langit. Isasara ang pintuan ng mga langit. Magsusumamo sa Allah ang lahat ng Anghel sa bawa't pintuan na hindi sana dadaan sa kanilang pintuan ang kaluluwang ito. Kukunin ng Anghel ng Kamatayan ang kaluluwa, at sa kanyang pagkuha hindi ito iiwan ng ibang Anghel sa kanyang kamay at sa isang kisapmata'y ibabalot nila ito sa Masuh. Lalabas mula sa kaluluwang ito ang isang mabahong amoy na kasingbaho ng pinakabulok na bangkay na matatagpuan sa daigdig. Papailanlang ang mga Anghel na kasama ito at sa bawa't pagdaan nila sa pangkat ng mga Anghel, magtatanong ang mga ito: 'Sino ang masamang kaluluwang ito?' Magsasabi ang mga pumapailanlang na mga Anghel: 'Ito ay si..., ang anak ni..., at tatawagin siya sa pinakapangit na pangalang tawag sa kanya noong nabubuhay pa siya. Magpapatuloy sila hanggang sa marating nila ang pinakamalapit na langit. Hihingi sila ng pahintulot para sa kanya upang pumasok, subali't hindi siya pagbubuksan. Sa puntong ito, nagsabi ang Propeta ng isang talata mula sa Qur'an:

Hindi bubuksan sa kanila ang mga pintuan ng langit at hindi sila papasok sa Paraiso hanggang makapasok sa butas ng karayom ang kamelyo. [Qur'an, Kabanata Al-A'raf-7:40]

Ang Makapangyarihang Allah ay magsasabi: Itala ang kanyang aklat sa Sijjin (ang talaan ng mga Masasamang Gawa) sa pinakamababang daigdig. At Siya ay magsasabi: Ibalik ang Aking alipin sa daigdig sapagka't Aking ipinangako sa kanila na mula sa lupa, Aking lilikhain sila, dito Ko rin sila ibabalik, at mula rito, Aking ibabangon silang muli. Ibabagsak ang kaluluwa (ng yumao) mula sa langit hanggang sa pumasok ito sa kanyang katawan. Nagsabi ang Propeta ng isang talata mula sa Qur'an:

At sinumang magbigay ng katambal sa Allah, para bang bumagsak siya mula sa langit, at dinagit siya ng mga ibon, o itinapon siya ng hangin sa napakalayong pook." [Qur'an, Kabanata Al-Haji - 22:31]

Pagkatapos ibabalik ang kanyang kaluluwa sa kanyang katawan. Ang nagsalaysay ay nagsabi: 'Katiyakan, kanyang maririnig ang mga yapak ng kanyang angkan sa kanilang paglisan mula sa kanyang libingan. Iuupo siya ng dalawang Anghel na may kagimbal-gimbal na tinig at siya'y tatanungin: 'Sino ang iyong Rabb (Panginoon)?' Siya'y sasagot: 'Huh, huh, hindi ko alam.' At tatanungin siyang muli: 'Ano ang iyong Deen (pananampalataya)? Siya'y sasagot: 'Huh, huh,

hindi ko alam. Muling magtatanong ang mga Anghel: 'Ano ang masasabi mo tungkol sa taong ipinadala sa iyo?' At hindi niya maalaala ang kanyang pangalan. At magsasabi ang mga Anghel na siya Muhammad 3. Siya ay sasagot: 'Huh, huh, hindi ko alam. Narinig ko ang mga tao na nagsasabi ng tungkol diyan.' At sasabihin sa kanya: 'Hindi mo nalaman at hindi ka nagbasa.' Isang tinig mula sa langit ang magsasabi: 'Siya'y sinungaling! Bigyan siya ng mga gamit mula sa Impiyerno at buksan ang isang pintuan para sa kanya tungo sa Impiyerno. Makararating sa kanya ang init nito at nakakapasong hangin at magsisikip ang kanyang libingan at lilingkisin siyang magkakasanib-sanib ang kanyang mga tadyang. Isang pangit na tao na may pangit na pananamit at may masamang amoy ang lalapit sa kanya at magsasabi: 'Masasamang balita ang sumaiyo na magbibigay sa iyo ng pasakit. Ito ang araw na ipinangako sa iyo.' Ang yumao ay magsasabi: 'Sino ka, nagdadala ng masama ang iyong mukha.' Ang tao ay magsasabi: 'Ako ang iyong masasamang gawa. Isinusumpa ko sa Allah na hindi kita nakilala maliban sa iyong kabagalan sa pagsunod sa Allah, at sa iyong mabilis na pagsuway sa Kanya. Kaya't parurusahan ka ng Allah sa iyong kasamaan.' Pagkatapos nito, isang taong bulag, bingi at pipi na may dalang maso sa kanyang kamay ang itatalaga sa kanya. Kung pupukpukin niya ang bundok ng masong ito, magiging alabok ang bundok. Pupukpukin siya ng tao nang minsan at siya'y

magiging alabok. Pagkaraan nito'y bubuuin siyang muli ng Allah sa dati niyang anyo. Minsan pa siyang pupukpukin ng maso at dahil dito'y sisigaw ang yumao nang napakalakas, na maririnig ng lahat maliban sa *Aththagalain* (mga tao at Jinn).' (Abu Dawood 1/282)

Sa naturan at iba pang mga Hadith, sadyang maliwanag na tatanungin ang tao tungkol sa pundasyon ng Tawheed (kaisahan ng Allah). Siya ay tatanungin, 'Sino ang iyong Rabb? Ano ang iyong Deen? Sino ang iyong Propeta?' Ang Muslim ay mabilis at matatag na sasagot: 'Ang Allah ang aking Rabb, Ang aking Deen ay ang Islam, at si Propeta Muhammad ay aking Propeta.' At ito ang kahulugan ng sinabi ng Allah sa Banal na Qur'an:

Pananatilihing matatag ng Allah ang mga nananam-palataya, ng isang salita na mananatiling matatag dito sa mundo at sa Kabilang Buhay. [Qur'an, Kabanata Ibrahim - 14:27]

Gagawin ng Allah na magaan sa mga nananampalataya ang pagsagot sa mga katanungan sa libingan. Kaya naman, bilang paghahanda, ang bawa't Muslim – lalaki man o babae ay nararapat malaman ang mga sumusunod na pundasyon:

# **Unang Pundasyon**

# Allah - ang Rabb ng Lahat

Nararapat lamang malaman ng tao na ang Allah ang kanyang *Rabb* na Siyang lumikha sa kanya, na nagtustos at nagkaloob ng Kanyang masaganang biyaya. Hindi nilikha ng Allah ang tao nang walang katuturan. Hindi siya iniwan nang walang patnubay. Kanyang ipinadala si Propeta Muhammad na bumigkas ng mga talata mula sa Allah upang ipakita sa tao ang tamang landas. Nagpaliwanag din ang Sugo sa kanya na nilikha ng Allah ang tao upang sambahin lamang Siya. Ang Allah ay nagsabi:

At hindi Ko nilikha ang Tao at Jinn<sup>6</sup> maliban sa sumamba sa Akin [Qur'an, Kabanata Adh-Dhariyat - 51:56]

At katotohanan, Kami ay nagpadala sa bawa't sambayanan ng isang Sugo (na nagpapahayag): Sambahin ang Allah at iwasan ang Taghout<sup>7</sup>. [Qur'an. Kabanata An-Nahl - 16:36]

<sup>&</sup>lt;sup>6</sup> Jinn: Isang uri na nilikha ng Allah mula sa apoy. Hindi natin sila nakikita sa likas nilang anyo. Katulad ng tao, sila rin ay may kalayaang sumunod o sumuway, kaya naman, mayroon din silang pananagutan sa kanilang mga gawa.

<sup>&</sup>lt;sup>7</sup> Taghout: Anumang sinasamba o sinusunod maliban sa Allah. Lahat ng uri ng mga diyus-diyusan na pinag-uukulan ng pagsamba, maging ito ay satanas, idolo, bato, imahen, buntala, anghel o tao.

Ngayong nabatid natin na tayo ay nilikha ng Allah upang sambahin lamang Siya, dapat isa-isip na hindi Niya tatanggapin na tayo ay may sasambahin maliban sa Kanya. Ni hindi Niya tatanggapin na Siya ay sasambahin kaalinsabay ng iba. Tungkol dito, ang Kataas-taasang Allah ay nagsabi:

Katotohanan, hindi patatawarin ng Allah ang pagbibigay katambal sa pagsamba sa Kanya. Subali't Kanyang pinatatawad maliban dito sa kaninumang Kanyang naisin. [Qur'an, Kabanata An-Nisa' - 4:48]

At ang mga Masjid ay para (lamang) sa Allah, kaya't huwag tumawag sa kaninuman bukod pa sa Allah. [Qur'an, Kabanata Al-Jinn - 72:18]

Isang palasak na kaalaman na kinalulugdan ng Allah ang mga nananampalatayang sumasamba sa Kanya. Kaya naman, dapat mahalin ng Muslim ang minamahal ng Allah, dapat niyang itakwil ang anumang kinapopootan ng Allah, at magkaroon ng galit sa mga di-nananampalatya sa mga nilalaman ng kanilang puso. Tungkol dito, may tatlong bagay na dapat malaman:

1. Na nilikha ng Allah ang sangkatauhan upang sumamba lamang sa Kanya. Hindi sila nilikha nang walang katuturan at hindi sila iniwan nang walang kapararakan, bagkus ipinadala sa kanila ang isang Sugo. Ipapasok sa Paraiso ang sinumang sumunod sa Sugo, at ipapasok sa Impiyerno ang sinumang sumuway sa Sugo. Iniutos ng Allah sa Kanyang Sugo na tawagin ang tao tungo sa pagsamba lamang sa Allah at iwasan ang pagsamba sa *Taghout*.

# Uri ng Taghout

Ang Taghout ay kinabibilangan ng anuman o sinumang sinasamba o sinusunod. Mga ibang sinasamba at sinusunod bukod pa sa tunay at nag-iisang Allah.

Ang limang pinakamasasamang Taghout ay ang sumusunod:

- a. Iblees (ang demonyo, satanas) na isinumpa at inalis sa Habag ng Allah.
- b. Sinumang (tao na) nasisiyahan habang (siya ay) sinasamba.
- c. Sinumang nagbibigay ng batas batay sa ibang saligan maliban sa ipinahayag ng Allah.
- d. Sinumang magtawag sa iba upang sambahin siya.
- e. Sinumang nag-aangkin na may nalalaman sa mga bagay na di-nakikita.
- 2. Hindi tinatanggap ng Allah ang sinumang nagbibigay katambal sa Kanya sa anumang uri ng

pagsamba, katulad halimbawa ng Salaah (itinakdang limang tungkuling pagdarasal), Siyam (pag-aayuno), Zakat (itinakdang taunang kawanggawa), Sadaqah (kusang-loob na kawanggawa), Ruku (pagyuko), Sujud (pagpapatirapa), takot, pag-asa, paghingi ng tulong at kaligtasan, o anumang bagay na magagawa lamang ng Allah.

3. Nararapat na maging kaibigan ang mga Auliya ng Allah (tagatangkilik, katulong ng mga nananampalataya). Kailangang mahalin sila, makihalubilo sa kanila, hingin ang habag ng Allah para sa kanila, magsumamo sa Allah para sa kanila, humingi ng tawad sa Allah para sa kanila lalung-lalo na ang pamilya ng Propeta at ang lahat ng kanyang mga kasama simula mga Al-Khulafa (tagapamuno pagkatapos Propeta) katulad nina Abu Bakr, Omar, Othman at Ali, kasunod ang mga iba pang mga kasama nila, at ang mga nagsisunod sa kanila, at sa pangkalahatang Muslim. Sa kabilang dako naman, nararapat na magkaroon ng pagkasuklam sa sinumang kaaway ng Allah mula sa mga di-nananampalataya at ang kanilang mga katuwang na nagpapakilalang Muslim subali't hindi sinusunod ang itinuturo nito at hindi binibigyang pitagan ang mga sumusunod nito. Magkagayunman, ang pagkapoot na ito ay hindi nagbibigay pahintulot upang apihin sila sa pamamagitan ng pagkamkam ng kanilang ari-arian o siraan sila kung hindi naman sila nakikipaglaban sa Muslim. Bagkus, dapat silang

anyayahan tungo sa Islam at igabay sila sa pagiging matuwid. Dapat pangalagaan ang kanilang mga karapatan at maging matapat at makatotohanan sa pakikitungo sa kanila. Ang Kataas-taasang Allah ay nagsabi:

Hindi ipinagbabawal sa inyo ng Allah na makitungo nang makatarungan at may kabaitan sa kanilang hindi nakikipaglaban sa invo dahil pananampalataya at hindi naman nagtaboy sa inyo mula sa inyong mga tahanan. Katotohanan, minamahal ng Allah yaong nakikipag-ugnayan nang may katarungan. Tanging sa mga nakikipaglaban sa inyo dahil sa pananampalataya at nagtaboy sa inyo mula sa inyong mga tahanan, at maging yaong nagsitulong sa kanila sa pagtataboy sa inyo; ipinagbabawal ng Allah na sila'v kaibiganin. makipagkaibigan sa kanila ay magiging Dhalimum (mapaggawa ng masama at sumusuway sa Allah). [Qur'an, Kabanata Al-Mumtahanah - 60:8-9]

Hindi mo matatagpuan sa sinumang naniniwala sa Allah at sa Huling Araw na nakikipagkaibigan sa mga sumusuway sa Allah at sa Kanyang Sugo, kahit sila pa ay kanilang mga magulang, o mga anak, o mga kapatid o mga kamag-anak. [Qur'an, Kabanata Al-Mujadilah - 58:22]

At sinuman sa mga Mushrikun (sumasamba sa maraming diyus-diyusan) ang humingi sa inyo ng pangangalaga, ibigay ito sa kanya upang marinig niya ang Salita ng Allah at samahan siya sa pook na magiging ligtas siya, sapagka't sila ay mga taong hindi nakababatid. [Qur'an, Kabanata At-Taubah - 9:6]

#### Papaano malalaman ang Rabb (Panginoon)?

Napakaraming bagay sa sanlibutan at sa katawang pisikal na rin ng tao ang maaaring makapagbigay-alam sa sinuman kung sino ang kanyang *Rabb* (Panginoon). Ang Makapangyarihan ay nagsabi:

Ipakikita Namin sa kanila ang Aming mga Tanda sa sanlibutan, at maging sa kanilang mga sarili, hanggang sa ito ay maging maliwanag sa kanila na ito ang katotohanan. [Qur'an, Kabanata Fussilat-41:53]

Ang maghapon at magdamag, ang araw at buwan, at mga bituin na kapwa sumusunod sa Kanyang utos, ang lahat ng mga ito ay Tanda ng Allah. Nagbibigay patunay ang mga ito ng Kanyang Pananatili. Ang Makapangyarihang Allah ay nagsabi:

Katotohanan, ang Allah ang inyong Rabb (Panginoon), na lumikha ng mga kalangitan at ng kalupaan sa anim na araw, at pagkaraa'y Siya'y istawa (pumaitaas) sa Luklukan (sa paraang angkop sa Kanyang Kaluwalhatian). Ang araw ay Kanyang ikinubli sa gabi, sinusundan ito nang mabilisan. At (Kanyang

nilikha) ang araw, ang buwan, at ang mga bituin na sunod-sunuran sa Kanyang Pag-uutos. Tunay, sa Kanya ang Paglikha at Pag-uutos. Purihin ang Allah, ang Panginoon ng 'Alamin (Tao, Jinn, at ang lahat ng nilikha). [Qur'an, Kabanata Al-A'araf - 7:54]

Kaya naman, kapag tatanungin ang isang sumasamba: Sino ang iyong Rabb (Panginoon)? Nararapat lamang nivang sabihin: 'Ang Allah ang aking Rabb, na umaruga sa akin, ang nagtustos sa akin, gayundin sa lahat ng sangkatauhan at lahat ng mga nilikha. Kanyang nilikha at tinustusan ang tao upang sambahin lamang Siya. Magkagayo'y dapat lamang silang sumuko at mapagpakumbabang sumunod nang walang katanungan sa lahat ng ipinag-utos Niya sa kanila na nasasaad sa Banal na Qur'an at sa mga mapananaligang mga Hadith ng Kanyang Propeta na si Muhammad 🏶 na sinuri ng mga paham na Muslim. Tumupad ayon sa mga itinuturo ng mga ito kahit na kayang maunawaan o hindi ang kahalagahan ng mga ipinag-uutos. Kapag napag-alaman na dapat lamang ialay sa Allah ang pagsamba, walang anumang bahagi ng pagsamba ang dapat iukol kaninuman maliban lamang sa Kanya.

# Ano ang Ibadah (Pagsamba)?

Ang *Ibadah* ay binubuo ng mga gawa o salita na kinalulugdan ng Allah maging lantad o lihim man ito.

Ito ang pagsasagawa ng mga kautusan ng Allah sa abot ng makakaya ng bawa't isa. Isang tungkulin, magkagayun, ng bawa't mananampalataya na sumunod sa mga ipinag-uutos ng Allah at iwasan ang Kanyang mga ipinagbabawal.

## Ang Allah ay nagsabi:

Kaya't panatilihin ang inyong tungkulin sa Allah sa abot ng inyong makakaya. [Qur'an, Kabanata At-Taghabun - 64:16]

Hindi nagbibigay ang Allah ng pasanin sa tao nang higit pa sa kanyang makakaya. [Qur'an, Al-Baqarah - 2:286]

Sa dahilang walang idudulot na anumang uri ng pasanin ang pag-iwas, dapat iwasan ng bawa't isa ang mga ipinagbabawal ng Allah. Si Propeta Muhammad ay nagsabi:

Gawin ang inyong makakaya sa mga ipinagagawa ko sa inyo, at iwasan ang mga bagay na ipinagbabawal ko. (Al Bukhari 8/143)

#### Uri ng pagsamba:

#### 1. Du'a (Panalangin)

Manalangin sa inyong Rabb nang may pagpapakumbaba at nang lihim.[Qur'an, Kabanata Al-A'raf – 7:55] At tawagin lamang Siya na gawing matapat ang inyong pananampalataya sa Kanya. [Qur'an, Kabanata Al-A'raf - 7:29]

2. Khowf (Takot) at Raja (Pag-asa): Ang Allah ay nagsabi:

Kaya't huwag matakot sa kanila bagkus matakot sa Akin kung kayo nga ay (tunay na) nananampalataya. [Qur'an, Kabanata Al-'Imran - 3:175]

Kaya't sinumang umaasa (at may mithiing) makaharap ang kanyang Rabb (Panginoon), hayaan siyang gumawa ng mabuti at huwag magtambal ng anuman sa pagsamba sa kanyang Rabb (Panginoon)." [Qur'an, Kabanata Al-Kahf-18:110]

3. Attawakul (Pagtitiwala sa Allah). Ang Allah ay nagsabi:

At ibigay sa Allah ang inyong tiwala kung kayo nga ay tunay na nananampalataya. [Qur'an, Kabanata Al-Ma'idah - 5:23]

4. Raghbah (Pag-asa), Rahbah (Takot), at Khushu'a (Kababaang-Loob). Ang Allah ay nagsabi:

Katotohanan, lagi silang nagmamadali sa paggawa ng kabutihan, lagi silang tumatawag sa Amin nang may pag-asa at takot, at lagi silang nagpapakumbaba sa pagsusumamo sa Amin. [Qur'an, Kabanata Al-Anbiya' - 21:90]

5. Al-Istighatha (Pagtawag sa Allah para sa kaligtasan) at Al-Isti'anah (Paghingi ng tulong sa Allah). Ang Allah ay nagsabi:

Ikaw (lamang O Allah) ang sinasamba namin at Ikaw (lamang O Allah) ang hinihangan namin ng tulong. [Qur'an, Kabanata Al-Fatihah - 1:4]

Ang Propeta ay nagsabi: Kapag naghahangad ng tulong, hanapin ito mula sa Allah. [Al-Imam Ahmad 1/307]

6. Al-Isti'athah (Pagpapakupkop sa Allah). Ang Makapangyarihang Allah ay nagsabi:

Sabihin: Nagpapakupkop ako sa Allah, ang Rabb (Panginoon) ng sangkatauhan. [Qur'an, Kabanata An-Nas-114:1]

- 7. Sujud (Pagpapatirapa), Inhina (pagtungo ng ulo), at Ruku (pagyuko). Ang Allah ay nagsabi:
- O kayong nananampalataya! Yumuko, at magpatirapa, at sambahin ang inyong Rabb (Panginoon), at gumawa ng mabuti kung nais ninyong magtagumpay. [Qur'an, Kabanata Al-Hajj 22:77]

At mag-sujod sa pagpasok sa pintuan (nang may pagpapakumbaba). [Qur'an, Kabanata Al-Baqarah - 2:58]

Ang mga paham na Muslim ay nagbigay paliwanag na ang kahulugan ng katagang *Sujud* sa talatang ito ay ang pagyuko ng ulo.

8. Ang pagpapatupad ng Shari'ah (Batas) ng Allah bilang katugunan sa mga hidwaan ng tao. Ang Allah ay nagsabi:

Hindi sila magkakaroon ng pananampalataya hangga't hindi ka nila gawing hukom (O Muhammad ) sa lahat ng kanilang di-pagkaka-unawaan, at matagpuan ang kanilang mga sariling walang pagtutol sa iyong mga pasiya, at tanggapin ito nang buong pagsuko. [Qur'an, Kabanata An-Nisa'-4:65]

#### Pangalawang Pundasyon

Nararapat lamang sa tao na malaman ang kanyang pananalampalataya batay sa tamang kaalaman, at katiyakang itinayo mula sa mga mapananaligang mga winika at ginawa ni Propeta Muhammad kung kanino binigyang kaganapan ng Allah ang Kanyang mensahe. Ipinahayag ng Kataas-taasang Allah ang Banal na Qur'an kay Propeta Muhammad upang pag-aralang mabuti at upang magsilbing gabay, sapagka't ito ang Patnubay at ang tunay na liwanag.

Ang Islam ang siyang tunay na pananampalataya. Wala nang tunay na pananampalataya pagkatapos ng mensahe ni Propeta Muhammad. Ang Allah ay nagsabi:

Sinumang maghangad ng ibang pananampalataya bukod sa Islam, hindi ito tatanggapin sa kanya, at sa Kabilang Buhay isa siya sa mga talunan. [Qur'an, Kabanata Al-'Imran - 3:85]

Sa pamamagitan ng *Deen* (pananampalataya o panuntunan ng buhay) na ito, pinawalang-bisa ng Allah ang ibang mga pananampalataya at tatanggapin lamang ang Islam mula sa mga sumasamba sa Kanya. Iniatang ng Allah sa Kanyang sarili ang tungkuling pangalagaan ang Qu'ran, na maging malaya sa anumang pagbabago o pagpapalit, katulad ng Kanyang sinabi:

Katotohanan, Kami ang nagpadala ng Dhikr (Qur'an) at katiyakan, babantayan Namin ito. [Qur'an, Kabanata Al-Hijr - 15:9]

At Aming ipinadala sa iyo (O Muhammad) ang Aklat (Qur'an) nang may katotohanan, na nagpapatunay sa mga Kasulatang nauna dito at Muhayminan (mapananaligang tunay at isang saksi) sa mga ito (naunang mga kasulatan). [Qur'an, Kabanata Al-Ma'idah - 5:48]

Sa araw na ito Aking ginawang ganap ang Deen (pananampalataya o panuntunan ng buhay) para sa inyo, ginawang lubos ang Tulong Ko sa inyo, at pinili para sa inyo ang Islam bilang inyong Deen. [Qur'an, Kabanata Al Ma'idah - 5:3]

At hindi ka Namin ipinadala (O Muhammad) maliban bilang tagapaghatid ng magandang balita at tagapagbabala sa sangkatauhan. [Qur'an, Kabanata Saba - 34:28]

#### Ang mga Antas ng Deen(Panuntunan ng Buhay)

Nasa tatlong antas ang Deen: Islam (Pagsuko), Eeman (Pananalig) at Ihsan (Kaganapan at pinakamataas na antas ng mga gawa at pagsamba).

#### Islam

Ang kahulugan ng Islam ay pagsuko, pag-iwas ng sarili mula sa *Shirk* (pagsamba sa mga diyus-diyosan), at sa mga nagsasagawa nito. Isang paniniwala at pagsasagawa ito; buong pusong paniniwala na isang tungkulin ang pagsunod sa Allah at ang pagsasagawa nito batay sa *Shari'ah* (Batas) ng Allah. May limang haligi ang Islam na dapat nating paniwalaan at isagawa nang pisikal. Ang mga haliging ito ay ang sumusunod:

1. Ang Shahadah, pagsaksi na walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah at si Muhammad ay Sugo ng Allah. "La illaha illa Allah" ay nanga-

ngahulugan na walang sinuman ang may karapatang pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Allah.

Nagtatakwil ang mga katagang "la ilaha" sa lahat ng ibang sinasamba maliban sa Allah sapagka't mga huwad na diyus-diyosan silang lahat. Katunayan, anumang sinasamba bukod sa Allah ay Batil (huwad). Sa kabilang dako naman, ang mga katagang "illa Allah" ay pagtanggap na ang Allah ang Tunay na Diyos na bukod-tanging may karapatan sa ating pagsamba. Ang kahulugan ng pagsaksi na "si Muhammad ay Sugo ng Allah" ay pagsunod sa kanyang mga ipinag-uutos, na maniwala sa kanyang mga sinabi, pag-iwas sa mga ipinagbabawal niya, at ang pagsamba sa Allah batay sa mga ipinahayag niya sa Shari'ah (Batas). Ang Kataas-taasang Allah ay nagsabi:

Ang Allah ay sumasaksi na La illaha illa Huwa (walang sinumang dapat sambahin maliban sa Kanya), (gayon din) sumasaksi ang mga Anghel at yaong mga may kaalaman. (Lagi Niyang) pinangangalagaan ang Kanyang mga nilikha nang may katarungan. La illaha illa Huwa, ang Makapangyarihan at ang Maalam. [Qur'an, Kabanata Al-'Imran - 3:18]

Katotohanan, dumating sa inyo ang isang Sugo mula na rin sa inyo.(kahalubilo at kakilala ninyo). Ikinalulungkot niya na kayo'y makaranas ng anumang pasakit o paghihirap. Sabik niyang hinahangad na kayo'y mapatnubayan. Siya ay tigib ng habag, mabait at mahabagin sa mga nananampalataya. [Qur'an, Kabanata At-Taubah - 9:128]

- 2. Ang pagganap ng limang itinakdang Salaah. Nangangahulugan ang pagsasagawa ng mga ito na dapat nating gampanan nang lubusan ang mga itinakdang limang Salaah ayon sa pamamaraang ipinag-uutos ng Islam.
- 3. Zakat (itinakdang taunang kawanggawa). Ang Allah ay nagsabi:

At walang ipinag-utos sa kanila kundi ang sumamba sa Allah, at huwag sumamba sa sinuman maliban (lamang) sa Kanya, at mag-alay ng Salaah at magbigay ng Zakat; at ito ang tamang pananampalataya. [Qur'an, Kabanata Al-Bayyinah - 98:5]

4. Ang Siyam - Pag-aayuno sa buwan ng Ramadan. Ang Allah ay nagsabi:

O kayong nananampalataya, ang Siyam (pag-aayuno) ay ipinag-uutos sa inyo katulad ng ipinag-utos sa mga nauna sa inyo, nang sa gayo'y magkaroon kayo ng pagkakataong maging al-Muttaqun (mga makadiyos). [Qur'an, Kabanata Al-Baqarah - 2:183]

Sa buwan ng Ramadan ipinadala ang Qur'an, isang patnubay sa sangkatauhan at isang maliwanag na katibayan ukol sa patnubay at panuri (ng tama at mali). Kaya't sinuman sa inyo ang makatanaw (sa bagong buwan sa unang gabi) ng buwan (ng Ramadan), nararapat siyang mag-ayuno. [Qu'ran, Kabanata Al-Bagarah - 2:185]

5. Al Hajj (Paglalakbay sa Makkah). Ang Makapang-yarihang Allah ay nagsabi:

Ang Hajj tungo sa Bahay (dalanginan) [Ka'bah] ay isang tungkulin na dapat isagawa ng sangkauhan sa Allah, silang may kakayahang gumugol. [Qur'an, Kabanata Al-'Imran - 3:97]

#### **Eeman**

Ang *Eeman* ay pagsasalita, pagganap, matibay na paniniwala at walang-alinlangang pananalig. Tumataas ang antas nito sa pamamagitan ng pagsunod, at bumababa naman dahil sa pagsuway. Ang Allah ay nagsabi:

At sa bawa't pagdating ng Surah (kabanata sa Qur'an), ang ilan sa kanila ay nagsasabi: Sino sa inyo ang tumatag ang Eeman (Pananalig)? At tungkol sa mga nananampalataya, tumatag ang kanilang Eeman (pananalig) at sila'y nagdiriwang. [Qur'an, Kabanata At-Taubah -9:124]

Si Propeta Muhammad ay nagsabi: Ang Eeman (Pananalig) ay mayroong 70 sanga. Ang La illaha illa Allah ang pinakaituktok nito, at ang pag-aalis ng anuman na maaaring makasakit sa daraanan ng tao ang pinakamababa, at ang Hayah (paggalang sa sarili at dangal) ay isang sanga ng Eeman. [Muslim 12/57]

May anim na haligi ang Eeman. Ito ang sumusunod:

- 1. Ang pananalig (paniniwala) sa Makapangyarihang Allah na Siya ang Lumikha ng lahat ng mga nilalang, at Siya ang *Rabb* (Panginoon) ng lahat ng sangkatauhan. Wala silang *Rabb* o anupamang sinasamba bukod pa sa Kanya.
- 2. Ang pananalig (paniniwala) sa mga Anghel na nilikha sila mula sa liwanag. Kumikilos sila sa pagsunod lamang sa Allah. Hindi sila sumusuway sa Kanya. Ginagawa nila ang bawa't iutos sa kanila ng Allah.
- 3. Ang pananalig (paniniwala) sa mga Kapahayagan mula sa Allah sa Kanyang mga Sugo. Ang ilan sa kanila ay ang *Tawrat* (Torah) na ipinahayag kay Moises at ang *Injil* (Gospel) na ipinahayag kay Hesus. Ang kahulugan ng pananalig dito ay sa mga orihinal ng dalawang Aklat na ito. Ang pagpapalit, pagbabago at

pagdaragdag ay napapaloob na sa mga nabanggit na Aklat na ginagamit sa ngayon. Kaya't nahaluan ng mga pagpapalit at pagbabawas ang mga orihinal. Isa pang Aklat na dapat paniwalaan ay ang Zaboor (Salmo) na ipinahayag ng Allah kay Propeta Da'ud (David). Ang Huli sa mga Aklat ay ang Qur'an na ipinahayag kay Muhammad na pinangalagaan ang pagka-orihinal na anyo nito magpahanggang sa araw na ito. Wala itong naranasang pagbabago o pagpapalit. Ito ay Muhayminan (mapapanaligang tunay at isang saksi) sa lahat ng mga ipinahayag ng mga Aklat.

- 4. Ang pananalig (paniniwala) sa mga Sugo ng Allah, pangkalahatan man o partikular. Ang panghuli sa kanila ay si Propeta Muhammad . Sa maraming Sugo at Propetang ipinadala ng Allah, dalawampu't lima sa kanila ang nabanggit sa Qur'an.
- 5. Ang pananalig (paniniwala) sa Huling Araw at sa lahat ng mga bagay na sinabi ng Allah at ng Kanyang Propeta tungkol sa mga di-nakikita.
- 6. Ang pananalig (paniniwala) sa *Qadr* (Itinakdang Tadhana), maging mabuti o masama man sa paningin ng tao, ay galing sa Makapangyarihang Allah. Ito ang paniniwala sa malawak at walang-hanggang kaalaman ng Allah. Batid Niya ang lahat at yaong Kanyang naisulat ay tiyak na mangyayari. Ang paniniwala na mangyayari ang bawa't naisin ng Allah, at hindi

mangyayari ang anumang hindi Niya pahintulutan. Siya ang tanging Lumikha sa lahat ng nilalang.

Ang patunay na mula sa Qur'an tungkol sa mga haliging ito ay matutunghayan sa sumusunod na mga talata:

Hindi isang Al-Birr (pagkamaka-Diyos at pagkama-katwiran) na ibaling ang inyong mukha sa silangan at kanluran (sa pagdarasal), bagkus ang Al-Birr ay yaong maniwala sa Allah, sa Huling Araw, sa mga Anghel, sa mga Aklat, at sa mga Propeta. [Qur'an, Kabanata Al-Baqarah - 2:177]

Katotohanan, nilikha Namin ang lahat ng bagay nang may Qadar (Itinakdang Tadhana). [Qur'an, Al-Qamar - 54:49]

Sinumang magtakwil o tumanggi sa isa man sa mga haliging ito ay itinuturing na nagtakwil sa lahat ng mga ito. Ang Allah—ang Makapangyarihan ay nagsabi:

At sinuman ang hindi maniwala sa Allah, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Aklat, sa Kanyang mga Sugo, at sa Huling Araw, magkagayon siya ay tunay na naligaw. [Qur'an, Kabanata An-Nisa' - 4:136]

#### Ihsan

Ang Ihsan (Kaganapan) ay isang haligi subali't may dalawang antas. Higit na mataas ang isa kaysa sa isa. Ang una ay ang sambahin ang Allah na para bang nakikita Siya. At ang pangalawa ay ang sambahin ang Allah nang may katiyakan sa sarili na ikaw ay Kanyang nakikita

Ang mga patunay tungkol sa tatlong antas ng *Deen* ay matatagpuan sa isang *Hadith* tungkol kay Anghel Jibril na isinalaysay ni Umar (kalugdan nawa siya ng Allah). Siya ay nagsabi:

Habang kami ay nakaupong malapit sa Sugo ng Allah, isang lalaki ang dumating na may suot na maputing damit at may maitim na buhok nang walang anumang bakas ng paglalakbay. Walang isa man sa amin ang nakakilala sa kanya. Umupo siya sa harapan ng Propeta na magkadikit ang kanilang tuhod. Kanyang inilagay ang kanyang mga palad sa hita ng Propeta at nagsabi: 'O Muhammad, sabihin sa akin ang tungkol sa Islam.' Ang Propeta ay nagsabi: 'Ang Islam ay ang pagsaksi na walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, na si Muhammad ay Sugo ng Allah, pagsasagawa ng Salaah, pagbibigay ng Zakat (taunang kawanggawa), pag-aayuno (sa buwan ng Ramadhan) at paglalakbay patungo sa Makkah (Hajj) kung may kakayahang gawin ito'. Ang lalaki ay

40

nagsabi: 'Tinuran mo ang katotohanan.' Kaya't nagtaka kami sa kanya; tinanong siya (Muhammad鄉) at pinatotohanan niya ang kanyang sagot! Ang lalaki ay nagtanong ulit: 'Sabihin mo sa akin ang tungkol sa Eeman?' Ang Propeta ay sumagot: 'Ang maniwala sa Allah, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Aklat, sa Kanyang mga Sugo, sa Huling Araw, at maniwala sa Qadar (Itinakdang Tadhana) maging mabuti o masama man ito.' Nagpatuloy ang lalaki sa pagtatanong: 'Ano ang Ihsan'? Ang Propeta ay sumagot: 'Ang pagsamba sa Allah na para bang nakikita mo siya, at kung hindi mo marating ang ganitong kalagayan, magkagayo'y dapat isaalang-alang na nakikita ka Niya'. Muling nagtanong ang lalaki: 'Sabihin sa akin ang tungkol sa Araw ng Paghuhukom. Ang Propeta av nagsabi: 'Higit na di-maalam ang tinanong tungkol dito kaysa sa nagtatanong.' Ang lalaki ay nagsabi: 'Sabihin sa akin ang mga palatandaan nito.' Ang Propeta 3 ay nagsabi: 'Magsisilang ang aliping babae ng kanyang magiging amo, at makikita ang mga hubad, nakayapak na pulubing nagpapastol ng tupa na magpapaligsahan sa pagpapatayo ng matataas na gusali.' Pagkaraan. umalis ang lalaki. Kaya't naghintay ako ng ilang sandali at nagsabi ang Propeta鐫: 'Siya si Jibril na dumating upang ituro sa inyo ang inyong Deen.' [Sahih Muslim 8/36-38]

#### Pangatlong Pundasyon

#### Si Propeta Muhammad

Dapat makilala ng tao ang kanyang Propeta. Siya ay si Muhammad bin (anak ni) Abdullah ibnu (anak ni) Muttalib ibnu Hashim. Ang mga Hashim ay mula sa angkan ng Quraish na mula sa mga Arabo, at mga lahi ni Ismael ibn (anak ni) Ibrahim (Abraham) (alaihi assalatu wasallam) ang mga Arabo.

Isinilang si Muhammad sa Makkah sa panahon na tinaguriang taon ng elepante (mga 571 taon pagkaraang isilang si Hesus [alaihi was-salaam]). Isinugo siya na may dalang mensahe noong nasa Makkah siya. Pagkaraan ng 13 taon, lumikas siya (*Hijrah*) patungo sa Madinah.

Ang unang kapahayagang kanyang natanggap ay nasa Qur'an, Kabanata Al 'Alaq - 96:1-5:

Ipahayag! Sa ngalan ng iyong Rabb (Panginoon) na lumikha (ng lahat). Kanyang nilikha ang tao mula sa isang namuong dugo. Ipahayag! At ang iyong Panginoon ay Siyang Pinakamabait. Siya ang nagturo sa pamamagitan ng panulat. Itinuro sa tao kung ano ang hindi nito nalalaman.

Sa kapahayagang ito, naging isang Propeta siya, at pagkaraan nito ipinahayag sa kanya ng Allah ang sumusunod na talata:

O ikaw (O Muhammad) na nakabalot (sa isang balabal). Tumayo at magbigay ng babala. [Qur'an, Kabanata Al-Muddaththir - 74:1-2]

Ang naturang pahayag ay simula ng pagpapadala sa kanya (hindi lamang sa mga Arabo bagkus) sa buong sangkatauhan.

At hindi ka Namin ipinadala (O Muhammad) maliban sa tagapagbigay ng magandang balita at tagapagbabala sa buong sangkatauhan, subali't marami sa tao ang hindi nakababatid! [Qur'an, Kabanata Saba' - 34:28]

Nabuhay ang Propeta ng 10 taon pa matapos siyang lumikas sa Madinah. Nalagutan siya ng kanyang hininga pagkatapos gawing lubos ng Allah ang Kanyang *Deen* at biyaya sa pamamagitan niya. Namatay siya sa gulang na 63. Kanyang binigyanggabay ang tao tungo sa kabutihan, at binigyan sila ng babala laban sa kasamaan. Siya ang huli sa mga Propeta. Wala nang Propeta pa pagkatapos niya. Ang Kataas-taasang Allah ay nagsabi:

Si Muhammad ay hindi ama ng sinuman sa inyo, bagkus siya ang Sugo ng Allah, ang huli sa mga Propeta. At ang Allah ay Lagi nang Nakababatid sa lahat ng bagay. [Qur'an, Kabanata Al-Ahzab - 33:40]

Tuluyang makikilala si Propeta Muhammad sa pamamagitan ng pagsusuri sa Sirah (ang kanyang buhay), ang kanyang talambuhay, at ang pamamaraan ng kanyang pamumuhay, na magbibigay sa isang manunuri ng pagtanggap na si Muhammad ay tunay na isang Sugo mula sa Allah. Mababatid na yaong nagkaroon ng pagkakataong malaman ang tungkol sa kanya ay naniniwala isinalaysay pagkamakatotohanan ng mga ipinahayag niya mula sa Allah. Ang Hijrah ay kanyang Sunnah. Ang Hijrah sa Islam ay paglikas mula sa lupain ng nananampalataya tungo sa lupain ng Islam (ng mga nananampalataya sa Allah). Mananatili itong isang tungkulin hanggang sa hindi na tatanggapin ng Allah ang pagsisisi: Maaaring tanggapin ng Allah ang pagsisisi bago dumating ang pagsikat ng araw mula sa kanluran na dati nitong nilulubugan. (Isa ito sa mga palatandaan ng Araw ng Paghuhukom)

Sa dahilang nakapagpatayo na ang mga bansa sa mga panahon ngayon ng mga komunikasyon at naging malapit na sa isa't isa sa kalakalan at ugnayan, higit na mabuti sa isang Muslim na maghanap ng bansa kung saan ang mga tungkulin sa Islam ay isinasagawa nang may kahigitan upang kanyang maisakatuparan ang kanyang tungkulin bilang Muslim; katulad ng pagsamba sa Allah, pagtawag sa iba tungo sa pananampalataya sa Allah, at pagganap ng *Jihad* (pakikibaka ng dahil sa Allah). Mayroong lakas sa Islam at sa mga Muslim sa kanilang pisikal na samahan, sa pagkakaisa ng kanilang mga tinig at sa katatagan ng kanilang mga hanay. Sa ganitong dahilan ipinag-utos ng Allah ang *Hijrah* (paglikas) at binigyang babala ang sinumang magwawalang-bahala nito ng kaparusahan sa Naglalagablab na Apoy. Ang Makapangyarihang Allah ay nagsabi:

Katotohanan! Yaong kinukuha (ang kanilang kaluluwa) ng mga Anghel habang gumagawa ng kamalian sa kanilang mga sarili, sila (mga Anghel) ay magsasabi: Ano itong (kalagayang) inyong kinasadlakan (gayong ipinag-utos sa inyo ang Hijrah)? Sila ay sasagot: 'Kami ay mahina at inapi sa lupa.' Sila (mga Anghel) ay magsasabi: 'Hindi ba sadyang napakalawak ang kalupaan ng Allah upang kayo ay magsilikas dito?' Makikita ng mga ganitong tao ang kanilang sarili na nasa Impiyerno. Kay sama ng kanilang hantungan!

Maliban sa mga mahihina sa kalalakihan, kababaihan at mga batang walang kakayahang gumawa ng paraan, at hindi kayang hanapin ang sariling landas. Sa kanila ay may pag-asa ng kapatawaran mula sa Allah, at ang Allah ay Lagi nang Mapagbigay at ang Lagi nang Magpagpatawad. [Qur'an, Kabanata An-Nisa' - 4:97-99]

Ito ay isang pagpapahiwatig kung ano ang itatanong sa tao sa hukay, kung ano ang dapat niyang paniwalaan at isagawa sa buhay na ito upang matamo ang kaligtasan at tagumpay dito sa lupa at sa kabilang buhay, sa pamamagitan ng tamang pagsagot sa mga katanungan.

#### Mga Katanungang Ihaharap sa Tao Sa Araw ng Paghuhukom

Muling tatalakayin ang mga katanungang itatanong sa tao sa libingan, subali't sa ibang paraan at sa lahat ng tao sa Araw ng Paghuhukom. Ang bagong kaayusan ay ang sumusunod:

## 1. Ang katanungan tungkol sa bagay na dating sinamba:

Maliligtas at magtatagumpay ang sinumang sumamba sa Allah nang bukod tangi. At itatapon sa Jahananam (Impiyerno) ang lahat ng gumawa ng kabaliktaran. Attawhid (Monoteismo sa Islam) ay ang pagsamba sa Allah lamang. Nararapat na mataimtim ang pagsambang ito at naaayon sa mga ipinag-uutos ng Allah na Kanyang ipinahayag sa Kanyang Sugo na si Muhammad. Ang pagsamba ay dapat na dalisay para

sa Allah. Kailangang malaya ito sa anumang Riya (pakitang-tao). Ang pagsambang nahaluan ng Shirk (poleteismo, pagsamba sa iba bukod pa sa Allah), pagkukunwari o ang pagsambang hindi nababatay sa Shari'ah ng Allah at walang patnubay mula sa Qur'an at sa Sunnah ay hindi makapagbibigay ng anumang buti sa gumagawa nito, at hindi makapagliligtas sa kanya sa Araw ng Paghuhukom. Ang Makapangyarihang Allah ay nagsabi:

Ilalapit ang Paraiso sa mga Muttaqun (maka-Diyos at mga matutuwid). At ang Naglalagablab na Apoy ay ilalantad nang buo sa mga Ghawun (mapaggawa ng masama). At sasabihin sa kanila: 'Nasaan na yaong dati ninyong sinasamba sa halip ng pagsamba sa Allah?' Matutulungan ba kayo o matutulungan ang kanilang mga sarili? Pagkaraan ay ihahagis sila sa kanilang mga mukha sa Apoy, sila at ang mga Ghawun at ang lahat ng kampon ni Iblis (Satanas). Sila ay magsasabi habang nagtatalu-talo doon: 'Isinusumpa namin sa Allah, kami ay tunay na nasa maliwanag na pagkakamali nang gawin namin kayong (mga diyus-diyusan) mga kapantay ng Rabb (Panginoon) ng 'Alamin (Tao, Jinn at lahat ng nilikha). [Qur'an, Kabanata Ash-Shu'ara - 26:90-98]

O sila ba ay nagtayo ng katambal (sa pagsamba sa Allah)? Kaya't hayaan silang dalhin ang (mga

itinayong) katambal kung sila nga ay makatotohanan. [Qur'an, Kabanata Al-Qalam - 68:41]

Isinalaysay sa isang Hadith ni Abu Sa'eed Al Khudry (Nawa'y kalugdan siya ng Allah): Narinig ko ang Propeta na nagsabi: 'Ilalantad ng Allah ang Kanyang lulod at ang lahat ng mga nananampalatayang lalaki at babae ay magsisipagpatirapa sa harapan Niya. Subali't mananatiling nakatayo yaong nagpatirapa sa mundo bilang pakitang-tao at upang makilala. Sisikapin ng isa na magpatirapa subali't ang kanyang likod ay magiging isa (at hindi makapagpapatirapa).' [Al Bukhari, Aklat ng Tawheed, Pahina 24 at Muslim, Aklat ng Eeman Pahina 302]

#### 2. Ang katanungan tungkol sa mga gawa:

Sila na ang mga gawa ay tunay na dalisay para sa Allah, at naaayon sa Kanyang mga batas, ay maliligtas sa Araw ng Paghuhukom.

Sabihin: Kapag dumating sila (sa harapan ng kanilang Panginoon sa pook ng paglilitis), Siya (ang Allah) ay magsasabi: 'Pinabulaanan ba ninyo ang Aking mga Ayat (katibayan, patunay, at mga talata) bagama't hindi ninyo ito inunawa sa (pamamagitan ng) kaalaman (kung totoo ba o kasinungalingan), o ano yaong (iba pang) dati ninyong ginagawa? [Qur'an, Kabanata An-Naml - 27:84]

Sa isang Hadith na isinalaysay ni At-Tirmidhi mula kay Abu Barzah Al Asiam na ang Propeta ay nagsabi: "Hindi hahakbang ang mga paa ng alipin (ng Allah) hanggang sa tanungin siya tungkol sa kanyang buhay at kung papaano niya isinabuhay ito; tungkol sa kanyang kaalaman at kung ano ang ginawa dito; tungkol sa kanyang kayamanan at kung saan kinuha ito at kung papaano ginugol ito; at tungkol sa kanyang katawan at kung papaano ginamit ito."

## 3. Ang katanungan tungkol sa pagtugon sa panawagan ng mga Sugo ng Allah:

Silang sumusunod kay Propeta Muhammad sa kanilang pagsamba ay maliligtas sa ganoong katayuan ayon sa tamang sagot ng mga katanungan. At ang kasagutan ng mga taong hindi sumunod kay Propeta Muhammad ay: Hindi ko alam, narinig ko ang taong nagsasabi ng isang bagay at inuulit ko ito." Subali't ang mga Mu'min ay magsasabi: "Nabasa ko ang Aklat ng Allah at naniwala dito." Sa Araw ng Paghuhukom, ang tao ay tatanungin: "Papaano ninyo tinugon ang Sugo?

#### Nasasaad sa Banal na Qur'an:

At sa Araw na sila'y tatawagin (ng Allah) at magsasabi: 'Anong katugunan ang ibinigay ninyo sa mga Sugo?' [Qur'an, Kabanata Al-Qasas - 28:65]

#### Ano ang Dapat Malaman at Paniwalaan?

- 1. Na ang Allah ang Siyang may likha sa lahat ng nilikha. Siya ang Rabb (Panginoon) sa buong sanlibutan. Kaya't Siya ang Tanging Nag-iisa na dapat sambahin. Hindi Niya tatanggapin ang anumang pagsamba na iniukol sa iba bukod pa sa Kanya. Ni hindi Niya tatanggapin ang pagsamba na may kasama Siya. Sinumang magbigay ng katambal ng anuman o sinuman sa pagsamba sa Allah, Kanya itong itatakwil kasama ng kanyang Shirk (pagsamba sa diyusdiyusan). Ang Allah lamang ang may katangian ng pagiging ganap. Nakaluklok Siya sa kataas-taasan at sadyang malaya sa anumang kakulangan. Dapat ding malaman na hindi nagkaroon ng asawa o anak ang Allah. Na walang sinumang maaaring mamagitan sa Kanya at ng Kanyang mga nilikha. Nasa kataas-taasan Siya sa Kanyang Luklukan. Iba Siya sa lahat ng Kanyang mga nilikha; walang anuman na katulad Niya. Siya ang Nakaririnig ng Lahat, ang Nakakakita ng Lahat. Nangingibabaw sa lahat ang Kanyang Kaalaman at Habag.
- 2. Na ang Islam ang tunay na pananampalataya kung saan *Nasakha* (ipinawalang-bisa) ng Allah ang lahat ng naunang mga pananampalataya. Sakop ng Islam ang lahat ng mga ito. Kasama nito kung ano ang nasa ibang mga pananampalataya na nagmula sa Maka-

pangyarihang Allah. Walang tatanggaping ibang pananampalataya ang Allah maliban sa Islam.

- 3. Na ang Propeta Muhammad ang huling Sugo, at ang kanyang mensahe ang siyang panghuli sa mga mensahe. Walang Propetang darating pa pagkatapos niya, at ang Kapahayagan mula sa Allah ay nahinto na pagkatapos mamatay ang Propeta. Sinumang nagsasabing tumatanggap ng kapahayagan mula sa Allah ay isang Kafir (di-nananampalataya). Anuman ang inaangkin niyang natatanggap ay walang iba kundi isang bulong mula kay Satanas.
- 4. Na ang Qur'an ang huli sa mga Aklat na naipahayag mula sa Allah, na ang Allah na rin ang nangako sa pagpapanatili sa kadalisayan nito. Ang Qur'an ay mananatiling ligtas sa pagbabago, pagdaragdag at pagbabawas hanggang sa alisin ng Allah ang mga talata mula sa Aklat at alisin sa mga puso ng tao sa kawakasan ng panahon, katulad ng nasasaad sa isang Hadith na isinalaysay ni Addrami mula kay ibn Masaudi: Darating ang isang gabi na bawa't talata ng Qur'an, maging nasa Aklat o nasa puso ng tao ay maglalaho. [Addarami 2/135 & Sunnan ibn Majah]

Sinumang magsabi na ang Qur'an ay naglalaman ng pagdaragdag at pagbabawas ay isang *Kafir* (dinananampalataya) at nawawalay sa Islam.

5. Na ang mga kasama ni Propeta Muhammad ang pinakamahusay sa sangkatauhan pagkaraan ng mga Propeta at Sugo. Kinalulugdan sila ng Allah, at pinili sila ng Allah upang maging kasama ng Propeta at upang maging tagapagkalinga ng Kanyang pananampalataya. Sila ang nagsalaysay sa atin ng Sunnah ng Sugo nang may pananalig at katotohanan. Sila ang nagpamana sa atin ng lahat ng sinabi, ginawa at katangian ni Propeta Muhammad. Kanilang ibinahagi ang lahat ng ito nang tama at maliwanag sa mga tao pagkatapos nila sa pamamagitan ng salita nang walang kaguluhan o iba pang kahulugan. Sinumang mapoot sa kanila, o manghamak sa isa man sa kanila, o magsabi na isa man sa kanila ay Kafir, siya mismo ang Kafir (di-nananampalataya).

Ito ang mga naitala tungkol sa paksang ito. Hinihingi ko sa Kataas-taasang Allah na sana'y magdulot ito ng kabutihan sa mga Muslim saan man sila naroroon, at nawa'y tanggapin Niya ang munting pagsisikap na ito.

Igawad nawa ng Allah ang Kanyang habag at kapayapaan kay Propeta Muhammad , sa kanyang pamilya at mga kasama, Ameen.

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa Islam, mangyaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng:

Islamic Studies, Call & Guidance of the Philippines (ISCAG – Phils.) Salitran I, Dasmarinas, Cavite

> Tel. (0063) (46) 416-3371 Fax. (0063) (46) 416-3629

## إعداد

مركز البحوث الإسلامية والدعوة والإرشاد في الطلبين



هاتسف: ١٦٣٣٧١ = ٤٦ - ٢٠٠٣

فاكس : ٥٠٦١٤٥١ - ٢٤-٢٠٠٠

### طبع على نفقة مركز العناية بالمسلمين الجدد



ت: ۲٤٢٣٠٠١ - ۲٤٢٣٠٠٨ ف: ۲٤٢٣٠٠٨ ص. ب: ٤٣٣٣٩ الرمز البريدي ١١٥٦١ الرياض

#### والمحتويات و

- مسائل تنبغي معرفتها
  - العلـــم
  - العمــل
  - الدعـوة
  - الصيب
- حال المؤمن والكافر عند الموت وفي القبر
  - \* الأصل الأول: معرفة العبد ربه
    - بم يعرف العبد ربه
      - فما هي العبادة
  - \* الأصل الثاني : معرفة العبددينه
    - مراتب الدين
  - \* الأصل الثالث : معرفة العبد نبيه
  - الأصول التي يسأل عنها في المحشر
    - السؤال عن المعبود
      - السؤال عند العمل
    - السؤال عن إجابة المرسلين

## الأصول التي يسأل عنها المرء في القبر والمحشر

بلغة التجالوج

تأليف الشيخ حمود بن محمد اللاحم

> ترجمت خالد إيفريستو

مركن البحوث الإسلامية والدعوة والإرشاد في الطلبين







# الأصول التي يسأل عنها المرء في القبر والمحشر

تأليف الشيخ حمود بن محمد اللاحم بلغة التجالوج

مركز البحوث الإسلاميين والدعوة والإرشاد في الفلبين هاتـــف: ١٦٣٣٧١ - ٤٦ - ٥٠٦٠٠٠ فاكس: ٥٠٦١٤٥١ - ٢٥-٦٣٠٠

Islamic Studies, Call and Guidance of the Philippines Tel. No.: (0063) (46) 4163371 Fax No.: (0063) (46) 5061451



Congressional Road, Salitran 1, Dasmariñas, Cavite Philippines www.iscag.com